

Pormalistikong Pagdalumat sa mga Tula ni Ron Canimo

Metchie Ann M. Elisan

West Visayas State University, Philippines

ABSTRACT: Nilayon ng pag-aaral na ito na masuri ang dalawampung (20) tula ni Ron Canimo gamit ang pormalistikong dulog batay sa mga sumusunod na elemento: (a) Sukat at Tugma, (b) Talinghaga at Simbolismo, (c) Imahen, (d) Tema, at (e) Diksiyon. Layunin din nitong mataya ang antas ng pagtanggap ng ginawang pagsusuri gamit ang nabuong instrumento sa pagtataya nito. Sinunod dito ang Input-Process-Output na balangkas ng pag-aaral at ginamitan ng kwantitatib-deskriptib-ebalwatib na pamamaraan. Sa pamamagitan ng talatanungang ibinatay sa ginamit ni Morales (2014) na naimodipika ayon sa kahingian ng kasalukuyang pag-aaral, tatlong (3) gurong eksperto ang nagsilbing tagataya dito na siyang tumiyak sa kahusayan ng nabuong pagsusuri ng mananaliksik. Gamit ang *Content Analysis*, natuklasan na makabagong pamamaraan ang istilo na ginamit ni Ron Canimo sa pagsulat ng mga tula. Lahat ng kanyang mga tula ay walang sinusunod na sukat at tugma, may iba't ibang tayutay at simbolismong ginamit, magkaibang pandama ang pinagana dahil sa mga imahe at paglalarawang ginawa, iba't ibang uri ng pag-ibig ang tinalakay at gumamit ng pormal, impormal o kumbersasyonal na wika at makabagong istilo sa pagsulat ng tula. Gamit ang *mean* at *standard deviation*, lumabas na "Mataas" ang antas ng pagtanggap sa kabuuan ng mga gurong eksperto na tumaya sa nabuong pagsusuri. Lumabas din na "Mataas" ang antas ng kanilang pagtanggap sa nabuong pagsusuri batay sa mga sumusunod na elemento: (a) Sukat at Tugma, (b) Talinghaga at Simbolismo, (c) Imahen, (d) Tema, at (e) Diksiyon. Mula sa natayang pagsusuri at kinalabasan ng antas ng pagtanggap dito, naitala ang mga paksa sa *Junior High School Filipino* na maaaring lapatan at gamitan ng nabuong pagsusuri.

KEYWORDS: *Kumbensyunal, Pagdalumat, Pormalistiko, Ron Canimo, Tula*

I. INTRODUKSIYON

Banghay at Sanligan ng Pag-aaral

Maituturing na pambansang linangan ng kultura ang panitikan. Ito ang makapangyarihang daluyan sa pagsisid ng identidad ng tao. Dito naipakilala ng tao ang sarili sa lipunang sagana sa magkaibang prinsipyo at paniniwala. Sa kabilang banda, dito rin naipapalabas ang nararamdaman at nararanasan ng tao sa kanyang buhay at lipunan.

Batay dito, sinusuportahan ng Kagawaran ng Edukasyon ang halaga ng pagtuturo ng panitikan sa ilalim ng *K-12 Curriculum*. Sa katunayan, nakasaad sa layunin ng pagtuturo ng Filipino na malinang ang kakayahang komunikatibo, replektibo o mapanuring pag-iisip at pagpapahalagang pampanitikan ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng mga babasahin at teknolohiya tungo sa pagkakaroon ng pambansang pagkakakilanlan, kultural na literasi, at patuloy na pagkatuto upang makaagapay sa mabilis na pagbabagong nagaganap sa daigdig. Dagdag pa, nakasaad sa K to 12 Gabay Pangkurikulum sa Baitang 10 ang pamantayan sa pagganap na nakabubuo ng kritikal na pagsusuri sa mga isinagawang *critique* tungkol sa alinmang akdang pampanitikang Mediterranean ang mga mag-aaral. Kabilang na dito ang tula (Department of Education [DepEd], 2016).

Upang lubos na maunawaan ang akda at mapahalagahan ang mga akdang pampanitikan, isang mainam na paraan dito ay ang pagsasagawa ng mga pagsusuri. Sinabi ni Cajurao (2018) na ang panunuri ay isang masusing pag-aaral, pag-iiksamen, o pagsisiyasat sa anumang ibig malaman o matuklasan.

Sa tula, malinaw na ipinaliwanag ni Vega (2017) sa pagkakabanggit ni Angel (2019) na ang pagsusuri nito ay hindi basta-basta. Ang pagsusuri ay hindi lang sa pagbasa nito kundi sa pag-unawa ng ideyang nais iparating ng may-akda. Ang kahalagahan daw ng tula ay nasa lasa at tipo, hindi sa balat. Ibig sabihin, ang tunay na diwa ng tula ay hindi sa anyo at kung papaano ito isinulat kundi sa pagpapakahulugan sa anyo at paraan ng pagkakasulat nito. Kaya, mainam na malaman ang iba't ibang elementong bumubuo sa tula para higit na maunawaan ito.

Isang angkop na dulog sa pagsusuri ng tula ay ang Pormalistiko. Sa dulog na ito, binanggit ni Cajurao (2018) na ang pisikal na katangian ng akda ang pinakabuod nito. Tunguhin ng teoryang ito na matukoy ang nilalaman, kaanyuan o kayarian at paraan ng pagkakasulat ng akda. Dagdag pa niya na gamit ang dulog na ito, masusuri sa akda ang tema o paksa ng akda, ang sensibilidad ng mga tauhan at pag-uugnayan ng mga salita, istruktura ng wika, metapora, imahen, at iba pang elemento ng akda. Ngunit, ang gawaing ito ay hindi gaanong nabibigyan ng pansin at napapalawak dahil na rin sa ilang mga suliraning may kinalaman sa pagtuturo at pag-aaral nito.

Dahil dito, umigting ang hangarin ng mananaliksik na mapataas ang antas ng pagsusuri sa pamamagitan ng pagdalumat sa mga tula ni Ron Canimo. Si Canimo ay isa sa mga kontemporaryong manunulat na may pagkatig sa Filipino bilang wikang midyum ng kanyang mga tula. Bilang manunulat, ipinagkaiba niya sa mga kasabay niyang makata ang pagkakaroon niya ng adbokasiya ukol sa *mental health* na ang ginamit niyang paraan ay ang panulaan. Isinusulong niya ito bilang lugar ng ekspresyon kung saan malaya ang taong ipahayag ang kanyang sarili anumang aspekto ng buhay mayroon siya sa pamamagitan ng mga berso at saknong. Ang kanyang mga tula ay kasasalaminan ng mga kaganapan o sitwasyong higit na umaangkop sa hilig at interes ng karamihan sa bagong henerasyon lalo na ang mga *Millenials* at *Gen Z*.

Samakatuwid, makatutulong ang pagdalumat sa mga tula ni Ron Canimo gamit ang pormalistikong dulog na matuklasan ang mga paraan at elementong bumubuo dito na magagamit bilang lunsaran o hanguan sa pagtuturo ng tula sa araling Filipino sa *Junior High School* na kurikulum.


Paglalahad ng Suliranin

Layunin ng pag-aaral na ito na masuri ang mga tula ni Ron Canimo gamit ang pormalistikong dulog at mataya ang antas ng pagtanggap ng nabuong pagsusuri gamit ang ginawang instrumento sa pagtataya.

Bilang pagtitiyak ay sinagot ang mga sumusunod na tanong:

1. Ano-anong mga tula ni Ron Canimo ang susuriin?
2. Paano inilalahad ni Ron Canimo sa kanyang mga tula ang mga sumusunod na elemento:
 - a. Sukat at Tugma
 - b. Talinghaga at Simbolismo
 - c. Imahen
 - d. Tema
 - e. Diksiyon?
3. Ano ang antas ng pagtanggap ng nabuong pagsusuri ayon sa ebalwasyon ng mga guro at eksperto sa kabuuan at batay sa mga sumusunod na mga elemento:
 - a. Sukat at Tugma
 - b. Talinghaga at Simbolismo
 - c. Imahen
 - d. Tema
 - e. Diksiyon?
4. Sa ano-anong mga paksa sa Filipino ng *Junior Highschool Curriculum* maaaring gamitin ang mga tulang sinuri?

Balangkas ng Pag-aaral



Larawan 1. Balangkas ng pag-aaral ukol sa pormalistikong pagdalumat sa mga tula ni Ron Canimo.

II. KAUGNAY NA BABASAHIN AT PAG-AARAL

Ang Tula at mga Elemento Nito

Isang kathang may taludtod ang tula na binubuo ng makata sa kanyang guni-guni. Ito man ay tunay na karanasan o imahinasyon lamang (KWF Diksiyonaryo ng Wikang Filipino).

Sang-ayon dito ang pahayag ni Belvez (2003) na ito'y naglalarawan ng buhay na hinango sa guni-guni, o sa tunay na buhay man at ipinahahayag sa mga piling salita, mga salitang sa pagsasama-sama'y nag-aangkin ng tumpak na aliw-iw at ng indayog.

Sa ibang makata, nagkakaroon din ng ibang depinisyon ang tula. Ayon kay Iñigo Ed Regalado, ang tula ay kagandahan, diwa, katas, larawan, at kabuuan ng tanang kariktang makikita sa silong ng alinmang langit (Geronimo, 2004). Magkahawig sa pananaw ni Balmaseda na ang tula ay isang kaisipang naglalarawan ng kagandahan, ng kariktan, ng kadakilaan: tatlong bagay na kailangang magkatipon-tipon upang mag-aangkin ng karapatang matawag na tula (Reyes, 2005).

Sa pamamagitan ng tula, naihahanay ng makata ang mga damdaming sakbibi ng kapighatian o kalungkutan, ligaya at gayon na rin ng tagumpay. Anumang damdaming umaalpas sa dibdib ng makata kung isinataludtod ay tula (Macaraig, 2004).

Sa patulang anyo ng akdang pampanitikan, isinasaalang-alang dito ang iba't ibang elementong bumubuo. Isa na dito ang sukat at tugma. Batay kina Espiritu, et al. (2002) sa kanilang aklat na *Kasanayan sa Wika at Literatura II*, ang sukat ay pag-uulit-ulit ng bilang ng pantig samantala ang tugma ay pagkakapareho ng mga tunog sa dulong pantig ng bawat taludtod. Hindi ito pagkakatulad ng mga letra sa dulong linya, kundi pag-uulit ng magkakatulad na tunog.

Nilinaw ni Almario sa kanyang aklat na *Taludtod at Talinghaga* (1991) na binanggit ni Santiago (2003) na isang malaking kamalian na sabihing walang tula kung walang sukat at tugma.

Sa kabilang banda, may mga tula rin na kahit walang sukat at tugma ay masasabi ring maganda. Sinabi ni Coroza (2006) sa kanyang aklat na *Ang Dapat Mabatid ng Sinumang Tutula* (O Magtuturo ng Pagsulat ng Tula) na may tugma at sukat man o nasa malayang taludturan, ang tula ay tula dahil sa taglay nitong talinghaga.

Sa aklat ni Barrios (2006) na *Mula sa mga Pakpak ng Entablado*, tinalakay niya ang talinghaga bilang elemento ng panitikan. Binanggit niya doon na kinikilala ang talinghaga bilang katutubong elemento sa ating panulaan at sa proseso ng paggamit nito ng mga manunulat. Ang terminong "talinghaga" ay may iba't ibang kahulugan. Binanggit niya na ito'y pamamaraan ng paglalarawan at pagpapaliwanag na katutubo sa ating paggamit ng wika. Bilang elemento ng tula ayon sa ating katutubong panulaan, ito'y kaakibat ng paglikha at mayroong prosesong dinaraan upang mabuo ito.

Sa bahagi ng pag-aaral ni Medina (2017) na may pamagat na *Salingtalinhaga: Tao, Tula, at ang Totoo*, ang talinghaga ay nilikha ng makata. Ito'y isang tanging pahayag ng karanasan o ng kahulugan nito. Sa sandaling kathain, ay nagiging talinghaga.

Sa lipunan ng mga makata, bawat isa ay may sariling kakanyahan, sariling sarili, at walang maliw.

Batay kay Macaraig (2004), may mga makatang bago sumulat ay tumutungo muna sa tabing-dagat at nakikipag-ulayaw sa mga alon sa dalampasigan, mayroon namang nakikipag-usap muna sa mga tala't bituin, nakikipagniig sa kabiyak na minamahal, tumitikim ng alak, nagpapakagalit, nang-aaway o nagmumura, ginugutom ang sarili, nagpapagod at kung magkaminsan ay kailangan pang mabigo, lumuha, at masaktan. Sa ganitong mga sandali at pangyayari ay saka pa lamang nabubuhay ang kamalayan at nabubuo ang inspirasyon ng makata para lumikha ng kanyang obrang sining. Sa pagkakaugnay ng mga salita mula sa kanilang mga napagmasdan at naranasan, lumilitaw ang larawang-diwa o imahe.

Ayon kay Casanova (2001) sa kanyang Diksiyunaryo sa Drama at Teatro, tinukoy niya ang larawang-diwa bilang "imagery", "paglikha ng katulad". Sinang-ayunan ito ni Arogante (2000) sa kanyang pahayag na ito'y mga imahen na nabubuo sa pagramdam sa mga kongkretong pahayag. Nahihinuha ito ng mga pandama—paningin, panghipo, panlasa, pang-amoy, at pandinig.

Samantala, inilahad ni Matute (2004) sa kanyang aklat na *Walong Dulang Iisahing Yugto* na ang simbolo o sagisag ay makikita sa lahat ng *genre*. Batay sa mga tunay na makata, ang tula ay hindi pinagsama-samang sukat, tugma, at talinghaga lamang. Ito'y kumakatawan sa sagisag o simbolo at yaong "kakaunting binulungan lamang ng Diyos" ang may kakayahang bumuo nito. Ngunit, hindi ito makakayang iwasan ng makata dahil ito'y kasangkapan ng panitik sa paglikha (Macaraig, 2004).

Kung gayon, ang simbolo ay mabibigyan ng katuturang anumang pangitaing sumasagisag sa anumang bagay na pinagigitaw sa isipan o imahinasyon o maging ng damdamin ng makata. Sa bawat akdang tula, hindi mawawala ang bagay na ito. Ito ang siyang tumatayong kasangkapan ng makata para lalo niyang maibulalal ang nais niyang tukuyin sa hindi lantarang paraan ng pagpapahayag (Macaraig, 2004).

Bukod sa iba pang elemento, nakapaloob din sa tula ang tema nito. Ayon kina Espiritu, et al. (2002), ang tema ay kaisipan ukol sa isang paksa. Madalas nakukuha ang tema sa tulong ng persona o nagsasalita sa tula at sa kanyang pananaw ukol sa kanyang paksa. Ayon naman kay Lomonggo (2020), ito'y pangkalahatang kaisipan na nais palutangin ng may-akda. Ang kaisipang ito ang binibigyang-laya na maikintal sa isipan ng mga

mambabasa. Maaaring maging tema ang mga sumusunod na palagay sa mga naganap na pangyayari sa lipunan, obserbasyon ng may-akda tungkol sa ugali ng tao, paniniwala sa isang katotohanan o pilosopiyang tinatanggap ng tao sa buong daigdig sa lahat ng panahon o ang dahilan ng pagkakasulat ng may-akda.

May tungkulin ding ginagampanan sa akda, maging sa tula o prosa, ang diksiyon na elemento.

Ayon kina Dayag, et al. (2017), ito'y pagpili ng wasto, tumpak, at angkop na mga salita para sa isang akda. Sa pamamagitan ng tamang diksiyon, nagiging malinaw sa isipan o madaling mahiwatigan ng mga mambabasa ang pinapaksa o tinutukoy ng awtor sa isang sitwasyon at panahon. Gayundin, nalilikha sa kanilang imahinasyon ang himig, tinig, at atmospera ng teksto na nakatitinag sa kanilang damdamin.

Sa diksiyon, intensiyon ng manunulat na ang pananalita ay maging angkop sa edad, kasarian, estado, etnikong kinabibilangan o lahi, at pananampalataya ng tauhan, gayundin sa lugar, sitwasyon, at panahon.

Samakatuwid, sa pamamagitan ng mga elementong ito, nadarama ng mambabasa ang kaibahan ng tula sa ibang *genre* ng panitikan.

Pagsusuri ng Tula

Ipinahayag nina Amog, et al. (2002) ang kapakinabangang dulot ng pagsusuri ng iba't ibang akdang pampanitikan kabilang na ang tula. Ito ay ang mga sumusunod: (1) Naliliwanagan ang manunuri sa layunin ng awtor sa pagkatha ng akdang binibigyang-puna; (2) Nakikita ng manunuri ang mahusay o hindi pagtutugmaan ng layunin, paksa at estilo ng awtor; (3) Naipaliliwanag ang kahulugan ng mga salita, matatalinghagang mga pahayag, ang mga ginamit na pahiwatig, ang mga damdamin, at layuning napapaloob sa akda; at (4) Anumang kinalabasan ng mahusay na pagsusuri ay maaaring magsilbing batayan ng pagpapaunlad di lamang ng kakayahan ng isang manunulat kundi gayon ng iba pang nagnanasang mapaunlad o higit na mapabuti ang kanilang mga akda.

Kaya sa pagsusuri ng tula, nagmungkahi si Dr. Zafra ng Unibersidad ng Pilipinas ng ilang mga estratehiya sa pagsusuri ng tula na matutunghayan sa aklat na *Kasanayan sa Wika at Literatura IV* nina Candelario, et al. (2002). Nakapaloob dito ang mga sumusunod: (1) Pagsusuri sa denotasyon at konotasyon ng mga salita; (2) Pagsusuri sa ilang kumbensyon ng teksto; (3) Pakikiugnay sa mga tauhan; (4) Pagpupuno sa mga katahimikan ng teksto; (5) Pagbubuo ng tema; (6) Pag-uugnay ng teksto sa iba pang teksto; (7) Paglikha ng iba't ibang kahulugan; (8) Pag-uugnay ng teksto sa personal na karanasan; (9) Pag-uugnay ng teksto sa mas malawak na karanasang panlipunan at pangkasaysayan; at (10) Paghahanap ng *inconsistencies* sa teksto.

Sa ginawang pananaliksik ni Angel (2018) na pinamagatang "Kakayahan sa Pagsusuri ng Tula", binanggit niya na may iba't ibang salik na nakaiimpluwensiya sa kakayahan sa pagkatuto ng mga mag-aaral sa pagsusuri ng tula. Ilan sa mga ito ay salik sa guro, mag-aaral, pamilya, at kaibigan. Lumabas sa resulta ng kanyang pananaliksik na mayroong pagkakaiba ang pananaw ng mga mag-aaral sa salik sa guro, mag-aaral, pamilya, at kaibigan na nakaapekto sa kakayahan sa pagsusuri ng tula. Gayunpaman, nagkakaroon ng maliit o bahagyang korelasyon ang mga salik na nabanggit sa antas ng kakayahan sa pagsusuri ng tula ng mga mag-aaral. Dagdag pa rito, natuklasan mula sa kanyang pananaliksik na nadadalian ang mga mag-aaral o ang mga tagatugon sa pagsusuri ng tula batay sa sukat samantalang katamtamang nahihirapan naman sa pagsusuri ng tono, tugma, at talinghaga nito.

Samantala, sa pananaliksik nina Alonzo, et al. (2021) na pinamagatang "Iba't ibang Dulog sa Pagsusuri ng mga Akdang Pampanitikan at Kasanayan sa Pagsusuri ng mga Piling Tula ni Jose Corazon de Jesus", lumabas sa resulta ng pag-aaral na naniniwala ang mag-aaral na mabisa at malaki ang naitutulong ng paggamit ng iba't ibang dulog sa paglinang ng kasanayan sa pagsusuri ng mga akdang pampanitikan gaya ng tula. Iminumungkahi niya ang paggamit ng akmang teksto ng mga guro sa kanilang mga mag-aaral na tutugon sa mga kasanayan ng mga ito sa kritikal na pagbabasa at pagsusuri ng mga tulang Filipino.

Ang Dulog Pormalistiko

Isang paraan na maaaring gamitin sa pagsusuri ng isang akdang pampanitikan ang pormalistiko. Batay kina Mendiola, et al. (1994), lalong kilala at palasak na paraan ng kritisismo sa kasalukuyan ang pormalistiko. Ito ang makabago at tuwirang pagtalikod kundi man pagwawalang-bahala sa mga naunang uri ng pamamaraan sa kritisismo.

Bagaman may kaunting mga pagkakaiba-iba ang mga "bagong manunuri" tungkol sa bagong pamamaraang "pormalistiko", sila ay nagkakaisa naman sa kanilang paniniwala, aktitud, at pagsusuri.

Lahat sila'y naniniwalang may mga bagay-bagay na labas sa pagkakasulat ng isang tula, gaya halimbawa ng mga pangyayaring sosyal o personal at moral na walang kinalaman sa pag-unawa ng nasabing tula. Ang tula, at ang pagkakasulat o pagkakagawa nito, ang istruktura, at wika ang dapat pag-ukulan ng panahon at pag-aaral upang maintindihan ang tula. Sinabi ni Robert Penn Warren na ang tula ay hindi nakasalalay sa isang sangkap nito, kundi sa relasyon nila sa isa't isa. Kung gayon, ang manunuri ay inaasahang sumuri sa mga sangkap nito (*meter, image, diction, atbp.*) at sa kahulugan (tono, tema, atbp.) ng tula upang malirip at maunawaan ang pagka-tula nito.

Ayon kina Amog, et al (2002), isa sa mga paraang gamitin sa pagsusuri ng isang akdang pampanitikan ay ang pagbibigay-puna sa kayarian o kaanyuan ng akda. Binibigyang-diin nito ang mataas na kalagayan ng sining bilang sining at hindi bilang pagpapahayag ng mga kaisipang pangkaasalan, pampulitika, o panrelihiyon. Dito isinasaalang-alang ang mga sangkap ng bawat akdang pampanitikan.

Alinsunod sa winika ni Reyes (2006) sa Vallecera (2019), layunin ng pormalistikong pananaw ang pagbibigay-pansin sa anyo ng panitikan. Tunguhin ng teoryang ito na matukoy ang nilalaman, kaanyuan, at paraan ng pagkakasulat ng akda kaya hindi lamang ito nakapokus sa balangkas kundi pinagtutuunan din ng pansin ang mga detalye at bahagi ng teksto upang ipakita ang kabuuang diwa nito. Dapat na mailantad ang lahat ng mahahalagang bagay mula sa simula patungo sa iba't ibang elementong magkakaugnay hanggang sa katapusan.

Sa isang tula, binibigyang-suri ang mga sangkap tulad ng ritmo, sukat, tugma, at iba pa kabilang ang nilalaman tulad ng paksa, tema, himig, ang magkasanib at hindi magkahiwalay. Sinabi rin ni Almarino (2006) sa kanyang aklat na “Pag-unawa sa ating Pagtula: Pagsusuri at Kasaysayan ng Wikang Filipino”, pormalistiko ang nagtutuo ng higit na pansin sa mga sangkap at katangiang pansining ng isang akda.

Dagdag nina Espiritu, et al. (2002), sa pormalistikong pananaw sa pagsusuri ng tula, ang sinasabing isa sa moderno at tanging pinahahalagahan ay ang akda. Ang akda na may sariling buhay ang pagtutuo ng pagsusuri. May sariling daigdig ang akda, may kaisahan, may autonomiya, may sariling katas at tuntunin sa kanyang kakanyahan. Ang akda rin ay maaaring maipakita sa buhay na sitwasyon.

Ayon kay Salas (2013) sa Meneses (2021), nakatuon ang pormalistikong pagsusuri sa paraan ng pagkakabuo ng akda, pagpili ng mga salita at wika o dayalogong ginamit at ang iba't ibang kabuluhan nito. Hindi ito nakabatay sa sino, ano, kailan, saan o bakit kundi sa paano. Ito ay tinatawag na ngayon na makabagong panunuri o *new criticism*.

Ito ang naging tuon sa pag-aaral ni Salas (2013) na pinamagatang “Pormalistikong Pagdulog sa Pelikulang Way Back Home”. Binigyang-tuon niya ang anyo ng pagkakagawa nito. Sa kung paano ang mga pangyayari ay nagkawil-kawil, kung paano ang mga pag-uugali ng mga pangunahing tauhan ay nagbago o magbabago sa pagsulpot ng isang suliranin, kung paano ang suliranin ay nagbunga pa ng ibang suliranin at kung paano binigyang-solusyon ang suliranin sa pelikula.

Samantala, sinabi ni Reyes (2005) na sa ilang bahagi ng aklat na “Tagalog Poetry” ni Bienvenido Lumera, makikita ang pamamayani ng pormalistiko sa pagpapalinaw sa kakanyahan ng mga matatandang tula, at ang pagkiling ng kritiko sa mga kategoriyang hango sa pormalistiko tulad ng ironiya, obhetibong tono at iba pa.

Sa pag-aaral ni Ponce (2014) na pinamagatang “Isang Pormalistikong Pagsisiyasat sa Maikling Katha ni Lualhati Bautista: Ang Tatlong Kuwento ng Buhay ni Julian Candelabra”, apat na bagay ang kanyang binigyang-diin. Ito ay ang mga sumusunod: (1) Istruktura ng banghay; (2) Paglilinang ng Tauhan; (3) Elementong Nababatid; at (4) Paraan ng Pagpapahayag. Mula sa kanyang pananaliksik, natuklasan niyang kumbensiyunal ang istruktura ng banghay o gumagamit ng *Aristotelian Plot Structure*. Binubuo ang kanyang akda ng mga elementong tema, tunggalian, at bisang pandamdamin, at ang paraan ng pagsasalaysay ay nagsasalaysay at gumagamit ng simbolismo. Taglay nito ang pormalistikong elemento ng katha.

Kasaysayan at Buhay ni Ron Canimo Bilang Manunulat

Kilala si Ron Canimo sa pangalang John Roniel Agustin Canimo na ipinanganak noong Hunyo 23, 1996. Nag-iisa siyang anak nina Gng. Rose Canimo na tubong Capas, Tarlac at G. Ronnie Canimo na buhat naman sa Candaba, Pampanga.

Tumapak siya ng kanyang elementarya sa *St. Joseph School* sa Candaba, Pampanga at nagtapos bilang *Class Valedictorian* noong 2008.

Ipinagpatuloy niya ang kanyang sekondarya sa *Berean Baptist Academy* sa parehong bayan at nagkamit ng parangal na *First Honorable Mention* noong 2012.

Sa antas tersiyarya, tinapos niya ang kanyang kursong *Mass Communication major in Journalism* sa *Bulacan State University- Main Campus* kung saan nakatanggap siya ng parangal na *With Academic Distinction* noong taong 2016.

Nag-aral din siya ng *Master of Arts in Public Administration* sa *University of the Philippines* sa taong 2022. Siya rin ay naging isang *fellow* ng *U.S. International Exchange Program* sa maikling kursong *Creative Writing and Entrepreneurship* sa *University of Iowa*, taong 2021.

Si Canimo ang tagapagtatag at *Director-General* ng Mga Tala at Tula Community, isang organisasyon ng mga kabataang manunula(t) na kinilala bilang isa sa *2020 Ten Accomplished Youth Organizations of the Philippines* o *TAYO Awards, 2022 Most Outstanding Youth Organization- Villar Sipag Awards*, at *finalist* ng *2020 Young Southeast Asian Leaders Initiative (YSEALI)-YOUUnified Awards* sa kategoriyang *Pandemic Response*.

Dahil sa milyon-milyong tumatangkilik sa hatirang pangmadla, ginamit ni Canimo bilang plataporma ang kanyang pahina para ipalaganap ang pagmamahal, pag-asa, at paghilom sa pamamagitan ng panulaan. Sa kanyang pagsisikap, nailathala niya ang kanyang aklat-literari na “mga tala at tula” at naging *nominee* sa 39th *National Book Awards* ng *National Book Development Board* at *Manila Critics Circle*. Taong 2021, ang kanyang pangalawang aklat na “sa buwan kita natagpuan” ay ipinalabas kasunod ang “ikaw sa bawat araw” taong 2023.

Patuloy ang pagsulong ni Canimo ng mga adbokasiya para sa sining at *mental health* habang siya ay nananatiling *fur parent*, awtor ng tatlong libro, direktor ng maikling pelikula, at *volunteer*.

Filipino sa K to 12 Curriculum

Alinsunod sa mga tadhana ng batas at sang-ayon sa nararapat na maaaring ipasya ng Kongreso, dapat magsagawa ng mga hakbangin ang pamahalaan upang ibunsod at puspusang itaguyod ang paggamit ng Filipino bilang midyum ng opisyal na komunikasyon at bilang wika ng pagtuturo sa sistemang pang-edukasyon.

Bagamat sinasabing pinakapuso ng edukasyon ang kurikulum. Ayon kay Garcia (2009) nasa Balangao (2014), ang kurikulum ay tumutukoy sa kabuuang pagkatuto pagkatapos ng edukasyonal na gawain, mga asignatura, at mga paksang sinang-ayunan at nakadisenyo batay sa edukasyonal na institusyon na isinaayos para sa pag-unlad ng bawat mag-aaral. Tumutukoy ang kurikulum sa lahat ng oportunidad sa pagkatuto ng bawat mag-aaral sa pamamagitan ng pagpupuri at mga karanasan.

Napakahalaga ng kurikulum at nagbabago ayon sa hinihingi ng panahon. Dahil nagbabago, patuloy ang pagpapalakas ng Kagawaran ng Edukasyon katuwang ng pamahalaan sa sistema ng edukasyon para umagapay sa mabilis na pagbabago ng institusyong pang-akademiko sa buong mundo.

Ayon kay Gonzales (1998) sa Badayos (2008), isa sa pinakapektibong tagapagpalaganap ng batayang kaalaman sa Filipino ay ang sistema ng paaralan. Dito, itinuturo ang Filipino bilang isang wika at ginagamit itong midyum ng pagtuturo sa mga asignaturang Filipino, Araling Panlipunan, at iba pa.

Sa estado ng asignaturang Filipino sa kurikulum, hindi maipagkakailang humahabol pa ang Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) na makipagtulungan sa Kagawaran ng Edukasyon upang palakasin lalo ang Filipino bilang asignatura sa *K to 12 Curriculum* (Geronimo, 2015).

III. DISENYO AT PAMAMARAAN NG PAG-AARAL

Ang mga Tagataya

Ang mga tagataya ng pag-aaral na ito ay ang tatlong piling guro mula sa Filipino Language Teaching Division ng Kolehiyo ng Edukasyon sa West Visayas State University.

Instrumentong Ginamit

Ang instrumentong ginamit sa pag-aaral na ito ay isang talatanungang binuo ng mananaliksik. Ito ay dumaaan sa balidasyon ng mga eksperto.

Pamamaraan

Ang pag-aaral na ito ay naisakatuparan batay sa mga sumusunod na hakbang:

Input. Nanggalugad ang mananaliksik sa *google* at hatirang pangmadla (facebook, instagram, Linked In, twitter), nanaliksik ng mga akda ng makata sa *word press*, at pahinang mga Tala at Tula, at roncanimoph, gayundin ang pagbasa ng kanyang aklat na “mga tala at tula” at “ikaw sa bawat araw”.

Pagkatapos, ang mananaliksik ay nagkaroon ng paunang pagbasa para sa pagpili ng mga tula ni Ron Canimo na sinuri o dinalumat gamit ang dulog pormalistiko. Sa pagpili ng tula, isinaalang-alang ng mananaliksik ang mga karapat-dapat na gagamitin sa pagsusuri.

Process. Pagkatapos mabasa ng mananaliksik ang mga napiling tula, sinuri ito nang mabuti batay sa dulog pormalistiko. Ginamit na pamamaraan ang *Content Analysis*.

Pagkatapos masuri, ang nabuong pagsusuri ay ipinataya sa mga piniling tagataya ng pagsusuri gamit ang Talatanungan sa Pagtataya ng Antas ng Pagtanggap ng Nabuong Pagsusuri upang malaman ang antas ng pagtanggap dito.

Output. Sa yugtong ito, ang nabalideyt at natayang pagsusuri ng mga piling tula ni Ron Canimo ang pinal na awtput ng pag-aaral. Sa pamamagitan nito, naitala at naimungkahi ng mananaliksik ang mga aralin sa Filipino ng Junior High School na kurikulum na maaaring lapatan o gamitan ng nabuong pagsusuri.

Pagsusuring Pang-istadistika

Ang istadistikang ginamit sa pagsusuri at paglalarawan sa mga datos na natipon sa pag-aaral ay ang *mean*, *standard deviation*, at *content analysis*.

IV. RESULTA AT KINALABASAN NG PAG-AARAL

Batay sa pagsusuri ng mga datos, ang kinalabasan ng pag-aaral ay ang mga sumusunod:

1. May dalawampung (20) tula si Ron Canimo mula 2015-2022 na nakatugon sa pamantayang itinakda ng mananaliksik kaya naisama sa pagsusuri. Ang mga tulang ito ay mula sa mga aklat na “mga tala at tula” at “ikaw sa bawat araw” at sa kanyang word press na roncanimo.wordpress.com.

Manghad 1: *Mga tula ni Ron Canimo mula 2015-2022 na ginamit sa pagsusuri*

Blg.	Pamagat	Taon	Pinagkunan
1	Tag-aray	2022	Aklat (ikaw sa bawat araw)
2	Dagat	2022	Aklat (ikaw sa bawat araw)
3	Bagaha	2022	Aklat (ikaw sa bawat araw)
4	Calling	2022	Aklat (ikaw sa bawat araw)
5	Tsaa_nsa	2022	Aklat (ikaw sa bawat araw)
6	Kuwarto	2022	Aklat (ikaw sa bawat araw)
7	Sadak	2022	Aklat (ikaw sa bawat araw)
8	Upos	2022	Aklat (ikaw sa bawat araw)
9	Baguio	2022	Aklat (ikaw sa bawat araw)
10	Tul (w)a	2022	Aklat (ikaw sa bawat araw)
11	Laso	2022	Aklat (ikaw sa bawat araw)
12	Hintayan	2021	roncanimo.wordpress.com
13	Kahel	2021	Aklat (mga tala at tula)
14	Damit	2021	Aklat (mga tala at tula)
15	Unos	2021	Aklat (ikaw sa bawat araw)
16	Buwan	2021	Aklat (mga tala at tula)
17	Kabinet	2021	Aklat (mga tala at tula)
18	Para Sa'yong Naghihintay ng Senyales	2019	roncanimo.wordpress.com
19	Malaya pa sa Maya	2017	roncanimo.wordpress.com
20	Kung Hindi pa Huli: Liham para kay Huli	2015	roncanimo.wordpress.com

2. Iba-iba, makabago, at masining ang paraan ng paglalahad ni Ron Canimo ng kanyang tula ayon sa mga sumusunod na elemento: sukat at tugma, talinghaga at simbolo, imahen, tema, at diksiyon.

Malayang taludturan ang lahat ng mga sinuring tula ni Canimo. Wala itong sinusunod na tiyak na sukat at tugma sapagkat iba-iba ang bilang ng pantig sa bawat taludtod ng mga saknong at walang nasunod sa mga padron o pormat ng tugmaan. Bagaman, kapansin-pansin ang pagtutugmaan ng ilang mga salita sa iisang taludtod. Maaaring tunog-patinig o tunog-katinig.

Lahat din ng mga akda ni Canimo na sinuri ay may nakapaloob na tayutay na nakadaragdag sa kahiwagaan o katalinghagaan ng kanyang mga tula. Ang mga tayutay na nagsasaad ng paghahambing, paglalarawan, at pagsasalin ng katangian tulad ng Pagtutulad, Pagwawangis, Personipikasyon, at Pagmamalabis ang madalas na ginagamit niya rito. Gumamit din si Canimo ng mga tayutay batay sa pagsasatunog gaya ng Asonans, Konsonans, at Aliterasyon na nakapagbibigay ng indayog sa mga taludtod.

Bawat tulang sinuri ay kakitaan ng kanya-kanyang simbolo na ginamit upang mas maging palaisipan pa sa mga mambabasa. Ilan sa mga ginamit na simbolo ay mga bagay na madalas nagagamit o parte na ng pang-araw-araw na pamumuhay ng makata o ‘di kaya’y mga lugar na maaaring kanyang napuntahan. Kung hindi lugar, mga kalagayan o panahon naman ang kanyang pinalalawak. Kagaya ng mga mapamahiin, naniniwala rin ang makata sa mga sinisimbolo ng mga bagay na kanyang nakikita gaya ng itim na pusa, basag na salamin, o mga baliktad na medyas.

Sa mga imahe at larawang diwang ginamit sa mga tula, madalas na nagagamit sa paglalarawan ang paningin at pandinig. Litaw ang mga imahen o larawan buhat sa kalikasan at puwersa ng kalikasan gayundin ang mga senaryo sa tahanan. Makikita rin na binubuo ng makata sa isipan ng mambabasa ang mga imahen na bahagi ng pang-araw-araw na pamumuhay ng tao at mga lugar na pinupuntahan. Nagamit din ang mga pandamang pandinig, pang-amoy, at paningin.

Sa tema, iba’t ibang uri ng pag-ibig ang ipinakita sa mga tulang sinuri. Maaaring ito’y pag-ibig na tapat, pag-ibig na handang dumamay, at pag-ibig na nagpapasaya. Kaakibat ng mga positibong dulot ng pag-ibig sa mga tulang sinuri ang pagkabigo, pagsasakripisyo, at pakikipagsapalaran.

Iba’t ibang paraan ng pagpapahalaga ang ginagawa ng tao para maipakita ang pag-ibig. Sa pagmamahal sa sarili, maaaring pagliwaliw nang mag-isa para makapag-isip at hanapin ang sarili, pagtitiwala sa sariling kakayahan, at pagtupad sa mga pangarap. Kasasalamanin din ng pagkabigo sa pag-ibig o sa buhay at pag-ahon ang mga tula.

Sa diksiyon, kumbinasyon ng pormal at kumbersasyonal o impormal ang paraan ng paglalahad ni Canimo sa lahat ng kanyang mga tula. Magaan o maalwa ang dating ngunit piling-pili at angkop sa mga mambabasa. Pagkaraniwan o pangkasalukuyan ang mga termino o salitang ginagamit. May mga terminolohiyang Ingles na nilakip at mga salitang pambansa, pampanitikan o maging kolokyal.

3. Mataas ang antas ng pagtanggap ng nabuong pagsusuri sa kabuuan at mataas din ang antas ng pagtanggap ng nabuong pagsusuri ayon sa mga elementong sukat at tugma, talinghaga at simbolismo, imahen, tema, at diksiyon.

Manghad 2: *Kabuuang Antas ng Pagtanggap sa Nabuong Pagsusuri ayon sa Pagtataya ng mga Gurong Eksperto*

	<i>SD</i>	<i>M</i>	Deskripsiyon
Sukat at Tugma	0.35	4.07	Mataas
Talinghaga at Simbolismo	0.58	4.40	Mataas
Imahen	0.58	4.13	Mataas
Tema	0.75	4.33	Mataas
Diksiyon	0.58	4.33	Mataas
Kabuuan	0.57	4.25	Mataas

Pansinin: 4.50-5.00- *Napakataas*, 3.50-4.49-*Mataas*, 2.50-3.49- *Katamtaman*, 1.50-2.49- *Mababa*, 1.00-1.49- *Napakababa*

4. May mga paksa/aralin sa Junior High School Filipino na natukoy ng mananaliksik na maaaring paglapatan o gagamitan ng mga sinuring elemento ng tula. Iminungkahi ng mananaliksik na gamitin ito ayon sa mga angkop na kompetensi.

Manghad 3: *Matrix ng mga elemento ng tula, pamagat, paksa sa Filipino, kompetensi, at markahan*

Elemento ng Tula	Mga Pamagat ng Tula ni Ron Canimo	Paksa sa Filipino 10	Kompetensi	Baitang at Markahan
Sukat at Tugma	Malayang pumili sa mga tulang sinuri ni Ron Canimo	Ang Aking Pag-ibig (isinalin sa Filipino ni Alfonso O. Santiago)	Naibibigay ang puna sa estilo ng napakinggang tula (F10PN-IIc-d-70) Nasusuri ang mga elemento ng tula (F10PB-IIc-d-72)	Baitang 10-Ikalawang Markahan
		Babang Luksa (salin sa Kapampangan ni Olivia P. Dante)		
		Ang Pamana ni Jose Corazon de Jesus		
		Ang Aking Pag-ibig (isinalin sa Filipino ni Alfonso O. Santiago)	Nauuri ang iba't ibang tula at ang mga elemento nito (F10WG-IIIc-73)	Baitang 10-Ikatlong Markahan
		Babang Luksa (salin sa Kapampangan ni Olivia P. Dante)		
		Ang Pamana ni Jose Corazon de Jesus		
		Kultura: Ang Pamana ng Nakaraan, Regalo ng Kasalukuyan at Buhay ng Kinabukasan ni Pat V. Villafuerte	Naipahahayag ang sariling damdamin/ emosyon sa iba't ibang paraan at pahayag (F9WG-Ie-43)	Baitang 9-Unang Markahan
Bayan Ko ni Jose Corazon de Jesus	Naisusulat ang dalawa o higit pang saknong ng tulang may paksang katulad ng sa tinalakay (F8PU-IIa-b-24)	Baitang 8-Ikalawang Markahan		

Talinghaga at Simbolismo	Malayang pumili sa mga tulang sinuri ni Ron Canimo	Tanaga at Dalit: Katutubo at Kontemporaryo	Nabibigyang-kahulugan ang mga talinghagang ginamit (F8PT-Ia-c-19)	Baitang 8-Unang Markahan
		Ang Aking Pag-ibig (isinalin sa Filipino ni Alfonso O. Santiago)	Naibibigay ang puna sa estilo ng napakinggang tula (F10PN-IIc-d-70)	Baitang 10-Ikalawang Markahan
		Babang Luksa (salin sa Kapampangan ni Olivia P. Dante)	Naibibigay ang kahulugan ng matatalinghagang pananalita na ginamit sa tula (F10PT-IIc-d-70)	
		Ang Pamana ni Jose Corazon de Jesus	Nasusuri ang mga elemento ng tula (F10PB-IIc-d-72)	
			Naisusulat ang sariling tula na may hawig sa paksa ng tulang tinalakay (F10PU-IIc-d-72)	
		Ako ang Daigdig ni Alejandro G. Abadilla	Nasusuri ang kasiningan at bisa ng tula batay sa napakinggan (F10PN-IIIc-78)	Baitang 10-Ikatlong Markahan
		Gabi ni Ildelfonso Santos	Nauuri ang iba't ibang tula at ang mga elemento nito (F10WG-IIIc-73)	
Hele ng Ina sa Kanyang Panganay (isinalin sa Filipino ni Mary Grace A. Tabora)	Nabibigyang-kahulugan ang iba't ibang simbolismo at matalinghagang pahayag sa tula (F10PB-IIIc-82)			
	Tanka ni Ki no Tomonori at Haiku ni Basho (salin sa Filipino ni Vilma C. Ambat)	Nabibigyang-kahulugan ang matatalinghagang salitang ginamit sa tanka at haiku (F9PT-IIa-b-45)	Baitang 9-Ikalawang Markahan	
Imahen	Malayang pumili sa mga sinuring tula ni Ron Canimo	Ang Aking Pag-ibig (isinalin sa Filipino ni Alfonso O. Santiago)	Nasusuri ang mga elemento ng tula (F10PB-IIc-d-72)	Baitang 10-Ikalawang Markahan
		Babang Luksa (salin sa Kapampangan ni Olivia P. Dante)		
		Ang Pamana ni Jose Corazon de Jesus		
		Ako ang Daigdig ni Alejandro G. Abadilla	Nasusuri ang kasiningan at bisa ng tula batay sa napakinggan (F10PN-IIIc-78)	Baitang 10-Ikatlong Markahan
		Gabi ni Ildelfonso Santos	Nauuri ang iba't ibang tula at ang mga elemento nito (F10WG-IIIc-73)	
		Hele ng Ina sa Kanyang Panganay (isinalin sa Filipino ni Mary Grace A. Tabora)		

		Kultura: Ang Pamana ng Nakaraan, Regalo ng Kasalukuyan at Buhay ng Kinabukasan ni: Pat V. Villafuerte	Naiuugnay ang sariling damdamin sa damdaming inihayag sa napakinggang tula (F9PN-Ie-41)	Baitang 9- Unang Markahan
Tema	Maaaring pumili sa mga tula ni Ron Canimo	Ang Aking Pag-ibig (isinalin sa Filipino ni Alfonso O. Santiago)	Nasusuri ang mga elemento ng tula (F10PB-IIc-d-72)	Baitang 10- Ikalawang Markahan
		Babang Luksa (salin sa Kapampangan ni Olivia P. Dante)		
		Ang Pamana ni Jose Corazon de Jesus		
		Ako ang Daigdig ni Alejandro G. Abadilla	Nasusuri ang kasiningan at bisa ng tula batay sa napakinggan (F10PN-IIIc-78) Nauuri ang iba't ibang tula at ang mga elemento nito (F10WG-IIIc-73)	Baitang 10- Ikatlong Markahan
		Gabi ni Ildefonso Santo		
		Hele ng Ina sa Kanyang Panganay (isinalin sa Filipino ni Mary Grace A. Tabora)		
		Tanaga at Dalit: Katutubo at Kontemporaryo	Naiuugnay ang mahahalagang kaisipang nakapaloob sa mga tula sa mga pangyayari sa tunay na buhay sa kasalukuyan (F10PB-Ia-c-22)	Baitang 8- Unang Markahan
Diksiyon	Maaaring pumili sa mga tula ni Ron Canimo	Ang Aking Pag-ibig (isinalin sa Filipino ni Alfonso O. Santiago)	Nasusuri ang mga elemento ng tula (F10PB-IIc-d-72) Naibibigay ang puna sa estilo ng napakinggang tula (F10PN-IIc-d-70)	Baitang 10- Ikalawang Markahan
		Babang Luksa (salin sa Kapampangan ni Olivia P. Dante)		
		Ang Pamana ni Jose Corazon de Jesus		
		Ako ang Daigdig ni Alejandro G. Abadilla	Nasusuri ang kasiningan at bisa ng tula batay sa napakinggan (F10PN-IIIc-78) Nauuri ang iba't ibang tula at ang mga elemento nito (F10WG-IIIc-73)	Baitang 10- Ikatlong Markahan
		Gabi ni Ildefonso Santos		
		Hele ng Ina sa Kanyang Panganay (isinalin sa Filipino ni Mary Grace A. Tabora)		

V. KONGKLUSYON AT REKOMENDASYON

Kongklusyon

Batay sa resulta ng pag-aaral, ang mga sumusunod na kongklusyon ay nabuo:

Isang kontemporaryong makata si Ron Canimo. Ang pagiging moderno ng kanyang pagtalakay ng paksa at paraan ng pagsulat ay maaaring makapagpalapit ng loob at lubhang makatawag ng pansin ng kabataan kaya siguradong tatangkilikin ito ng mga mag-aaral sa bagong henerasyon. Dahil sa pagiging makabago ng istilo nito, malapit ito sa karanasan at konteksto ng mga bata kaya maaaring ang pagbabasa ng tula maging ang pagsusuri na kanilang gagawin pagkatapos ng pagbabasa nito ay mabibigyan ng ibayong atensiyon at pagpapahalaga.

Ang paglalahad ng mga paksa at tema ng tula ni Ron Canimo ay iba-iba, makabago, at masining. Ang ganitong uri ng pagsulat ng tula ay mahihinuhang makapaghikayat ng mga mambabasa at katulad na makata na kabilang sa kasalukuyang henerasyon.

Ang mataas na pagtataya ng nabuong pagsusuri ay nangangahulugang mahusay na nahimay-himay ng mananaliksik ang mga tulang napili ayon sa iba't ibang elemento. Ang resultang ito ay maaari ring maiugnay sa kasanayan, kahusayan, at kahantaran ng mananaliksik sa disiplinaryang pagsusuri. Dahil dito, mahihinuhang mahalagang may malawak na karanasan at kaalaman ang gurong nagsusuri upang mapalalim pa at mapaigting ang gawaing pagsusuri.

Ang dalawampung (20) sinuring tula ni Ron Canimo ay maaaring gamitin at ilapat sa mga paksa sa Filipino sa iba't ibang baitang ng Junior High School at sa iba't ibang markahan na tumutugon sa inaasahang kompetensiyang dapat matamo. Ang pagsusuring ginawa ay magsisilbi ring gabay at modelo ng mga mag-aaral sa mga gawaing pagsusuri sa loob ng klasrum at maging ng guro sa kanyang paglalahad ng aralin at pagpapaliwanag sa mga elemento ng tula. Dagdag pa dito, maaari rin itong gamiting lunsarang kagamitan ng guro sa pagtuturo ng tula. Mahihinuhang ang pagkakaroon ng modelo ay lalo pang magpapadali ng pag-unawa at pagpapahalaga ng mga mag-aaral sa tula.

Rekomendasyon

Matapos ang masusi at masidhing pag-aaral sa dalawampung (20) piling tula at batay sa resulta ng pag-aaral, inilalahad ang mga sumusunod na mungkahi:

1. Sa mga mag-aaral na dahilan ng pag-aaral na ito, hinihikayat na basahin ang mga akda ni Ron Canimo at ng iba pang kontemporaryong makata para maging malay o hantad sa mga makabagong estilo ng pagsulat ng tula. Hinihikayat na sa pamamagitan ng pagbabasa at pagsusuri sa mga elementong taglay, higit na mauunawaan ang binabasang tula. Samakatuwid, mas mapapataas ang antas ng kakayahan sa pagsusuri ng tula.

2. Sa mga guro na nagtuturo ng panitikan, iminumungkahing gamitin at gawing lunsaran sa pagtuturo ang mga tula ni Ron Canimo na may makabagong estilo sa pagsulat para madaling maintindihan ng mga mag-aaral ang mga konseptong may kinalaman sa tula. Ang mga elementong tinataglay ng mga sinuring tula ay maaaring ilapat sa iba pang paksa lalong-lalo na sa mga paksang patula sa Filipino. Sapagkat nagbabago ang panahon, naging moderno na rin ang paraan ng pagsulat ng mga tula. Sa ganitong paraan, magiging malapit sa karanasan ng mga mag-aaral ang mga paksang tinatalakay.

3. Sa mga tagabuo ng kurikulum, iminumungkahing ilakip sa kurikulum ang mga makabagong *resources* para higit na makasabay ang mga mag-aaral sapagkat maging kawili-wili ang proseso ng pagtuturo ng tula kung ang aralin ay saklaw ng karanasan ng mga mag-aaral. Ilantad na rin ang mga guro ng panitikan sa mga bagong kalakaran sa mundo ng panulaan sa pamamagitan ng mga seminar at palihan. Iminumungkahi rin na hikayatin ang mga guro na gumawa ng mga pagsusuri para mas mapaunlad ang sining at darami ang mga tuklas na talino sa larangan ng tula.

4. Sa *Learning Resource Management Development System (LRMDS)* ng Kagawaran ng Edukasyon, hinihikayat ang paglalagay ng mga makabagong estilo ng tula sa *portal* kabilang na ang mga tulang ito ni Ron Canimo para mabasa ng maraming mag-aaral at makakuha ng mga konsepto at ideya dito.

5. Sa Kagawaran ng Edukasyon, hinihikayat ang pagpapalathala ng mga makabagong kagamitang pampagtuturo ng panitikan upang mas lalo pang mapapahalagahan ang mga akdang pampanitikan kabilang na ang tula sa nagbabagong panahon.

6. Sa mga mananaliksik sa hinaharap, iminumungkahi ang pagsasagawa ng kaugnay na pag-aaral sa pagsusuri ng tula upang matugunan ang mga suliraning kahirapan sa pag-unawa ng mga tula.

SANGGUNIAN

- [1] Department of Education, *K to 12 gabay pangkurikulum: Filipino*, 2016, <https://www.deped.gov.ph/wp-content/uploads/2019/01/Filipino-CG.pdf>
- [2] D. Cajurao, *Iba't ibang mukha ng kababaihan sa mga piling akda nina Liwayway A. Arceo at Ruth Elynia S. Mabanglo: Isang feminisong pagsusuri*, (Di-nailatahalang tesis), Pamantasang Estado ng Kanlurang Bisayas, Lungsod ng Iloilo, 2018.
- [3] D. J. R. Angel, Kakayahan sa pagsusuri ng tula, *American Journal of Humanities and Social Sciences Research (AJHSSR)*. 3(9), 2019, 181-187.
- [4] Komisyon sa Wikang Filipino, *Diksiyonaryo ng wikang Filipino*, 2021, <https://kwfdiksiyonaryo.ph/>
- [5] P. Belvez, *Pamana: Sining ng pagkukuwento at pagbigkas ng tula* (Rex Book Store, Inc., 2003).
- [6] J. Geronimo, et al., *Panitikan ng Pilipinas: Panrehiyon* (Goodwill Trading Co., Inc., 2004).
- [7] S. Reyes, *A Dark Tinge to the World (Selected essays, 1987-2005)*, *University of the Philippines Press*, 2005.
- [8] M. Macaraig, *Sulyap sa panulaang Filipino* (Rex Book Store, Inc., 2004).

- [9] C. Espiritu, et al., *KAWIL I: Aklat sa paglinang ng kasanayan sa wika at literatura* (Rex Book Store, Inc., 2002).
- [10] A. Santiago, *Sining ng pagsasalang-wika sa Filipino mula sa Ingles* (Rex Book Store, Inc., 2003).
- [11] M. Coroza, Ang dapat mabatid ng sinumang tutula (O magtuturo ng pagsulat ng tula), *Daluyan Journal ng Wikang Filipino*, 13(1-2), 2006, 44-67.
- [12] J. Barrios, Mula sa pakpak ng entablado: Poetika ng dulaang kababaihan, *The University of the Philippines Press*, 2006.
- [13] B. S. Medina, *Sa ibang salita: Sampung sanaysay sa siningsalin* (ANVIL Publishing House Inc., 2017).
- [14] A. Casanova, *Diskyunaryo sa drama at teatro* (Rex Book Store, Inc., 2001).
- [15] J. Arogante, *Pagbasa at pagsulat* (Rex Book Store, Inc., 2000).
- [16] G. E. Matute, *Walong dulang iisahing yugto* (Rex Book Store, Inc., 2004).
- [17] R. Lomonggo, *Isang pagdalumat sa tema at mensahe ng mga piling tula* (Di-nailathalang tesis), St. Columban College, Pagadian City, 2020.
- [18] A. Dayag, et al., *Pinagyamang pluma: Wika at panitikan para sa mataas na paaralan (Ikalawang edisyon)* (Phoenix Publishing House, 2017).
- [19] M. Amog, et al., *KAWIL III: Aklat sa paglinang ng kasanayan sa wika at literatura* (Rex Book Store, Inc., 2002).
- [20] M. Candelario, et al., *KAWIL IV: Patnubay ng guro sa paglinang ng kasanayan sa wika at literatura* (Rex Book Store, Inc., 2002).
- [21] B. Alonzo & I. Carada, Iba't ibang dulog sa pagsusuri ng mga akdang pampanitikan at kasanayan sa pagsusuri ng mga piling tula ni Jose Corazon de Jesus, *IOER International Multidisciplinary Research Journal*, 2021, <https://www.ioer-imrj.com/wp-content/uploads/2021/08/168.-Ibat-ibang-Dulog-sa-Pagsusuri-ng-mga-Akdang-Pampanitikan-at-Kasanayan-sa-Pagsusuri-ng-mga-Piling-Tula-ni-Jose-Corazon-de-Jesus.pdf>
- [22] V. L. Mendiola, et al., *Kritisismo: Teorya at paglalapat (Sangguniang aklat sa pagsusuri ng mga akdang pampanitikan sa kolehiyo)* (Rex Book Store, Inc., 1994).
- [23] E. Vallecera, Pagsusuri sa mga piling maikling kuwento ni Liwayway Arceo: Mungkahing gabay ng pagtuturo, *Academe University of Bohol- Graduate School and Professional Arts Journal*. 15(1), 2019, 54-77, <https://doi.org/10.15631/aubgsp.v15i1.144>
- [24] V. Almario, *Pag-unawa sa ating pagtula: Pagsusuri at kasaysayan ng wikang Filipino* (ANVIL Publishing House Inc., 2006).
- [25] J. Meneses, *Pagkatuto sa asignaturang Filipino sa panahon ng bagong kadaywan*, 2021, https://www.researchgate.net/publication/356937256_Pagkatuto_sa_Asignaturang_Filipino_sa_Panahon_ng_Bagong_Kadawyan
- [26] E. Salas, *Pormalistikong dulog sa pelikulang Way Back Home*, 2013, Retrieved from <https://www.slideshare.net/aluring/pormalistikong-pagdulong-sa-pelikulang-way-back-home-19998983>
- [27] I. Ponce, *Isang pormalistikong pagsisiyasat sa maikling katha ni Lualhati Bautista: Ang tatlong kuwento ng buhay ni Juan Candelabra*, 2014, .Retrieved from <https://pdfcoffee.com/sample-pananaliksikdocx-pdf-free.html>
- [28] M. C. Balangao, et al. *Mga kagamitang biswal at audio-biswal sa paglinang ng mataas na antas ng kasanayan sa pagkatuto: Pagbuo at pagtataya* (Di-nailathalang Tesis), Pamantasang Estado ng Kanlurang Bisayas, Lungsod ng Iloilo, 2014.
- [29] P. Badayos, *Metodolohiya sa pagtuturo at pagkatuto ng/sa Filipino: Mga teorya, simulain, at istrategiya (Ikalawang edisyon)* (Mutya Publishing House, 2008).
- [30] J. R. Canimo, *Ikaw sa bawat araw* (Mga Tala at Tula Books, 2022).
- [31] J. R. Canimo, *Mga tala at tula: Roncanimo*, https://roncanimo.wordpress.com/?fbclid=IwAR0MaAkIReaP9K0rItetpr8jb97QOjF-z-5RjfkfZKoQFiIjA6N1c_gBqY
- [32] J. Geronimo, *Filipino sa K to 12 Curriculum: 'Hindi masyadong pinag-aralan'*, 2015, <https://www.rappler.com/nation/102511-filipino-k12-curriculum-irgilio-almario/>